


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 2: Mga Salitang Binubuo ng Maraming Pantig



**MTB-MLE Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 2: Mga Salitang Binubuo ng Maraming Pantig
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Novina Ramirez
Editor:	Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Novina Ramirez
Tagalapat:	Cristina T. Fangon
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 2:
Mga Salitang Binubuo ng Maraming
Pantig

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makababasa ng mga salitang binubuo ng maraming pantig. MT2PWR-Ia- b-7.3



Subukin

Panuto: Piliin ang mahahaba o multi-silabikong salitang ginamit sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Ipinanganak ako noong ika-apat ng Agosto.
2. Pinapangarap niyang maging isang guro katulad ng kanyang ina.
3. Ang bayabas ay sagana sa bitamina kaya nagpapatibay ito ng mga buto at ngipin.
4. Ang Sampaguita ay may mahalimuyak na amoy.
5. Ang aso ang pinakamatapat na kaibigan.

Aralin

2






Mga Salitang Binubuo ng Maraming Pantig

Ang salita ay mula sa pinagsamang pantig. Sa mga pinagsamang pantig, makakabuo tayo ng mga salita na may dalawa o higit pang mga pantig. Halina, alamin natin kung kaya mong bumasa ng mga salitang may maraming pantig o mahahabang salita.



Balikan

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang nawawalang pantig upang mabuo ang salita.


1.  ___ k e t
2.  b u ___ l a k
3.  ___ g a m
4.  p u n o n g ___ h o y
5.  s i ___ w



Tuklasin

Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

Forest Green



Nagkaroon ng isang gawain ang mga Batang Iskawt sa loob ng isang kagubatan na tinatawag na Forest Green. Umalingawngaw ang iba - ibang huni ng mga ibon at insekto pagdating nila sa loob ng kagubatan, na ikinatuwa ng mga mag-aaral. “Kruukuk, kruukuk,” ang huni ng tipaklong na nakita ni Dennis sa damuhan. Ginagaya naman ni Alvin ang tunog ng palakang tumatalon. Tuwang-tuwa si Kaloy sa daloy ng batis. Habang kinakausap ni Mang Lito ang taga-pangalaga ng kagubatan, ay may isang loro naman ang inuulit-ulit ang kanyang sinasabi.

Ipinaliwanag ni Ginang M. Galang sa mga bata ang tamang pangangalaga ng mga puno. Isinalaysay din niya na ang mga puno ay nagiging tirahan ng mga hayop. Umuwing masaya ang mga bata, dahil marami silang natutuhan tungkol sa kahalagahan ng mga puno sa ating paligid.




Suriin

Ang ating aralin sa araw na ito ay tungkol sa pagbasa ng Multi-Silabikong salita. Tulad ng naunang pagsasanay may mga salitang mahahaba na binubuo ng mga pantig na dapat mong matutunan lalo na pagsulat at pagbasa. Tara, ating balikan ang kuwento may mga salitang ginamit na mahahaba o nasa multi-silabiko.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. Sino-sino ang nagsagawa ng isang gawain sa Forest Green?
 - A. ang mga Lalaking Iskawt
 - B. ang mga Babaeng Iskawt
 - C. ang mga Batang Iskawt
2. Ano ang naramdaman ng mga bata matapos makapasyal sa kagubatan?
 - A. natakot
 - B. masaya
 - C. nalungkot
3. Bakit mahalaga ang puno sa kalikasan?
 - A. proteksyon sa sikat ng araw
 - B. tirahan ng mga hayop
 - C. A at B

4. Ikaw bilang isang bata, paano ka makatutulong sa ating kalikasan?
- magtanim palagi ng puno
 - putulin ang mga puno
 - sunugin ang mga puno
5. Aling sa pangkat ng mahahabang salita ang nabasa mo sa kuwento?
- umalingawngaw, kinakausap at pangangalaga
 - ipinaliwanag, isinalaysay, at kagubatan
 - lahat ay nabasa ko sa kuwento



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin ang mga salita at pantigin. Isulat sa patlang ang bilang ng kanilang pantig.

Halimbawa: 4 paaralan = pa-a-ra-lan

___ 1. ginagaya = ___ - ___ - ___ - ___

___ 2. mapagbigay = ___ - ___ - ___ - ___

___ 3. tipaklong = ___ - ___ - ___

___ 4. insekto = ___ - ___ - ___

___ 5. tumatalon = ___ - ___ - ___ - ___

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Pagsamahin ang mga pantig upang makabuo ng isang multi-silabikong salita. Basahin ang salita pagkatapos.

1. i - ki - na - tu - wa = _____
2. i - si - na - lay - say = _____
3. pa - nga - nga - la - ga = _____
4. ka - gu - ba - tan = _____
5. i - pa - li - wa - nag = _____

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang multi-silabikong salita sa pangkat. Isulat sa iyong papel at basahin ng tatlong (3) beses.

- | | | |
|-----------------|--------|---------------|
| _____ 1. mahal | maha | minamahal |
| _____ 2. ginawa | ligaya | ginagaya |
| _____ 3. ikot | tuwa | ikinatuwa |
| _____ 4. talon | mata | tumatalon |
| _____ 5. lingaw | langaw | umalingawngaw |

Pinatnubayang Pagtatasa 2


Panuto: Basahin ang mga salita at piliin ang naiiba. Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. maaasahan masaya maaasahan maaasahan
2. sabayan sasabayan sasabayan sasabayan
3. panalangin panaginip panalangin panalangin
4. mahinahon mahinahon mahina mahinahon
5. Disyembre Diksyunaryo Disyembre Disyembre

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Piliin ang mga mahahabang salita at isulat sa iyong papel.

1. Ipinagbabawal ang pagsunog ang mga puno upang gawing uling.
2. Tutulong ako sa pangangalaga ng mga puno at halaman
3. Ako ay magtatanim ng mga puno taun-taon.
4. Susunod ako sa mga batas tungkol sa pangangalaga ng kagubatan.
5. Ingatan ang ating kapaligiran.



Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa papel ang multi-silabikong salita na inilalarawan.

1. Ito ay isang uri ng diretsong puno na ginagamit upang gumawa ng bahay at muwebles tulad ng aparador o mesa.
wan – ya – ka = _____
2. Naninirahan ang iba't- ibang uri ng mababangis at maaamong hayop sa lugar na ito.
kan-bun-du-ka = _____
3. Isa itong uri ng insekto na may makukulay na pakpak. Mahilig silang dumapo sa mga bulaklak.
ro-pa-ru-pa = _____
4. Nagpupunta ang mga tao dito upang magdasal at magpuri sa Panginoon.
ba-han-sim = _____
5. Isang uri ng dambuhalang isda na madalas nakikita sa dagat.
ye- na - bal = _____

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin at hanapin sa talata ang mga multi-silbikong salita na binubuo ng apat (4) o higit pang pantig. Isulat ang iyong sagot sa papel.



Isang umaga, inip na inip si Jayson. Mahigpit kasing ipinapatupad ng pamahalaan ang batas na "Bawal Lumabas" lalung-lalo na sa mga bata. Ngayong panahon ng pandemya, lahat ay dapat manatili sa loob ng kanilang tahanan upang hindi mahawa sa nakamamatay na sakit at para matiyak ang kanilang kaligtasan.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa kahon ang angkop na multi-silabikong salita na kukumpleto sa pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong papel.

A. binubunot	B. pagtatanim	C. libangan
D. napaunlad	E. diniligan	F. napakarami

- ___ 1. Mahilig sa _____ si Roy.
- ___ 2. Araw-araw niyang _____ ang kanyang mga gulay upang hindi ito malanta.
- ___ 3. _____ din niya ang mga damong tumutubo sa paligid ng mga gulay.
- ___ 4. Ito ang kanyang naging _____.
- ___ 5. Paglipas ng isang buwan, _____ niyang naaning gulay mula sa kanyang taniman.



Isaisip





Ang multi-silabikong salita ay mahahabang salita na binubuo ng maraming pantig. Mahalagang makilala ng mga bata ang mga salita upang maging madali ang pagbasa nng mga salita, parirala at pangungusap.

Nahahasa din ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga salita.



Isagawa

Panuto: Basahin ang talata. Isulat sa sagutang papel ang puso  kung ang multi-silabikong salita ay nabasa mo sa talata at iguhit ang buwan  kung hindi mo ito nabasa sa talata.

Lubos na ikinatakot ng mga tao sa buong mundo ang mabilis na paglaganap ng mapanganib na **virus**. Maraming buhay ang nawala dahil sa bagsik nito. Ngunit sinasabi ng mga eksperto sa kalusugan na madali itong mapupuksa kung may disiplina ang mga tao. Dahil ang virus ay kusang namamatay kung walang katawan na malilipatan.

_____ 1. matulungin

_____ 2. paglaganap

_____ 3. disiplina

_____ 4. mapupuksa

_____ 5. malilipatan



Tayahin

Panuto: Basahin ang talata. Isulat ang **W** kung ang multi-silabikong salita ay nabasa mo sa talata at **T** kung hindi mo ito nabasa sa talata.

Ang kalusugan ay kayamanan. Habang bata pa, sanayin na ang pagkain ng masusustansiyang pagkain. Makabubuti rin ang pag-eehersisyo at pag-inom ng maraming tubig. Mahalaga na sapat ang oras ng tulog. Ang pagliligo, paghuhugas ng kamay at pagsisipilyo ng ngipin ay dapat isagawa sa araw-araw upang matiyak ang kalinisan ng katawan.

_____ 1. pagsisipilyo

_____ 2. kayamanan

_____ 3. masusustansiyang

_____ 4. pag-eehersisyo

_____ 5. Sitsirya



Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin ang pares ng multi-silabikong salita. Isulat ang titik **A** kung mabilis mong nabasa. Isulat ang **B** kung nahirapan ka sa pagbasa, at **C** kung hindi mo ito nabasa.

_____ 1. magsasaka - mangingisda

_____ 2. kalusugan – kayamanan

_____ 3. hanapbuhay - kapitbahay

_____ 4. kailangan - pangangailangan

_____ 5. maalinsangan – napapaligiran



Susi sa Pagwawasto

<p>Suriin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. C 2. B 3. C 4. A 5. C 	Pagpamanin		
<p>Pinatnubayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ipinanganak 2. Pinangarap 3. Nagpapatibay 4. Mahalimuyak 5. Pinakamatapat 	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. basket 2. lak 3. lang 4. ka 5. siw 	<p>Pinatnubayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 4-gi-na-ga-ya 2. 4-ma-pag-bi-gay 3. 3-ti-pak-long 4. 3-in-sek-to 4-tu-ma-ta-lon 	
<p>Pinatnubayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. minamahal 2. ginagaya 3. ikinatwa 4. tumatalon 5. umalingawngaw 	<p>Pinatnubayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ikinatwa 2. Isinalaysay 3. Pangangalaga 4. kagubatan ipaliwanag 	<p>Malayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ipinagbabawal 2. pangangalaga 3. magtanim 4. pangangalaga kapaligiran 	
<p>Malayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. b 2. e 3. a 4. c 5. f 	<p>Malayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ipinapatupad 2. Pamahalaan 3. manatili 4. Nakamamatay kaligtasan 	<p>Malayang</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. KAWAYAN 2. KABUNDUKAN 3. PARU-PARO 4. SIMBAHAN BALYENA 	
	<p>Karagdagan</p> <p>Gawain</p> <p>Suriin ang pagbasa ng mag-aaral</p>	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. W 2. W 3. W 4. W 5. T 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ☾ 2. ♠ 3. ♠ 4. ♠ 5. ♠

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *